# Ang Salimbayan ng Wika at Panitikan

GLECY C. ATIENZA, PhD
ROMYLYN A. METILA, PhD
Mga Editor

*Si Glecy Cruz Atienza ay Full Professor 12 sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman kung saan siya nagtuturo ng panitikan, malikhaing pagsulat, at dula. Siya ay artista sa entablado, director-mandudula, mananaysay, at iskolar ng araling panteatro. Nakapagsagawa na siya ng mga pagsasanay at seminar sa pag-arte, pagsulat ng dula, improbisasyon sa teatro, malikhaing pagsulat, at dokumentasyon para sa lokal at internasyonal na teatro, para sa mga Local Government Unit (LGUs) kabilang ang Kagawaran ng Kalusugan, Kagawaran ng Edukasyon, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, Komisyon sa Kababaihan ng Pilipinas, Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan at nakapagpresenta na ng mga saliksik sa Thailand, Taiwan, Japan, South Korea, Italy, Malaysia at Denmark. Siya ay senior-artist ng Philippine Educational Theater Association (PETA) at naging bahagi sa pagbuo at pagtatag ng mga gawaing panteatro tulad ng PETA-MTTL "Dula Daluyan," PETA Aesthetics Research Conference, at PETA Women's Theater Program.*

*Si Romylyn A. Metila ay Assistant Professor sa Erya ng Edukasyong Pangwika sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ilan sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay patungkol sa multilinggwalismo at multilinggwal na edukasyon.*

Nagpapatuloy ang mga mananaliksik at manunulat sa pagbuo ng mga bagong kaaalaman hinggil sa wikang Filipino batay sa kani-kaniyang danas sa pagtuturo, pagsusulat, at disiplinang kinabibilangan. Mula sa mga paksang may kinalaman sa usaping pampanitikan na nasa konteksto ng kasaysayan at pagsasalin, ang pagsuri sa partikular na katangian ng wika sa usapin ng gramar at ugnayan nito sa masmidya, at araling pangkaunlaran, narito ang mga artikulong bumubuo sa pinakabagong isyu ng *Daluyan* na muling patunay na ang Filipino ay diskursibong disiplinang tumatagos sa iba't ibang larangan.

Nakatitik sa lokal na salaysayin ang mga kaalamang dumadaloy sa likhang lipunan ng bawat panahon. Sa pag-aaral ni Maricristh T. Magaling, sinuri ang pagsasabuhay ng bagong puwang ng pagkilala na nalikha ng umuusbong na industriya ng pagawaan sa paglipat ng siglo disinuwebe. Sa kaniyang akdang ***Ang Babae sa Pook Pagawaan: Mga Nobela ni Valeriano Hernandez-Peña*** inilugar ni Magaling ang nagbabagong guhit ng kababaihan sa talab ng bagong uri ng kalakalang iniluwal ng pagawaan. Sa harap ng telon ng paglahok ng kababaihan bilang manlilikhang bayaran ng produktong maramihan at nakalaan sa kalakalang pandaigdig, inilarawan ang

pagkakataong naihain ng talinghaga at imahinasyon upang sa pamamagitan ng panitik ay masuri ang talas ng pagganap ng babae sa gawain ng paglikha ng yaman ng lipunan, habang nakalukob pa rin sa konserbatibong bihis ng pagiging birheng asawa at maybahay. Nakatuon ang talakay sa pagsusuri ng paglalarawan sa kababaihan sa lugar ng paggawa at ang pagsisikap ng panitik na itindig ang lugaming larawan ng babaeng nagigipit ng takda ng konserbatismo. Itinatanyag ang puwang na likha ng panitik sa pagsisikap na maitindig ang lugaming larawan ng babae sa harap ng pakikipagsapalaran nila bilang mga bagong mukha ng manggagawang Pilipino sa panahon ng industriya. Itinatanyag ang kapangyarihan ng panitik bilang puwang sa paghahayag ng panukalang larawan ng nagbabagong kilos at paglahok ng mga isinasaisantabing mamamayan, bagay na nakapagpapakilala ng kapangyarihan ng wika bilang tanglaw at pananda ng pagkilos at paglahok na naitatala lamang sa mga salaysayin ng nagigipit na pagkakakataon.

Tunay ngang hinuhubog ng malikhaing haraya ang kasaysayan at tinatandaan ng mga panitik ang halagahan ng pook. Mga kubling salaysaying kinulapulan ng lamat ng kasaysayan at wikang pampook ang iginigiit sa pag-aaral ni Marc Jayson Cayabyab sa kaniyang sanaysay na ***Ang Alamat, Mito, at Kasaysayan ni Palaris: Higante at Rebolusyonaryo sa Nobelang 'Si Mabayani ya Palaris'*** mga walang maliw na tanda ng kasaysayan ng pagtatanggol ng mga Pangasinense. Sa habi ng kuwentong-bayan at tala ng mga pangyayari sa Pangasinan, ihinahain ang mayamang salaysayin ng pagtatanggol sa kasarinlang kinakatawan ni Palaris, isang lokal na bayaning lalong pinasigla ang giting ng mga mito at kuwentong salimbibig. Sa bisa ng mga kasabihang nagpapasigla sa lakas at tapang ng bayaning lokal, kinatawan ng alamat at mito ni Palaris ang paraan ng pagdadalisay ng karanasan ng mga kapaki-pakinabang na kaalaman, mangyari mang tulak ito ng pagpapahalaga, ng kaligirang bumabalot sa sigla at hiwaga ng taglay na lakas ng kanilang bayani o dili kaya ay ng mga pangyayaring nabigyan na ng karampatang pagdadalisay upang kumatawan sa pagtitimbang na lokal. Mahalagang salaysayin ito sa pagsisinop ng panandang lokal sa kaalamang may pakinabang. Mahalagang kaalamang magpapakilala sa salaysaying lokal at sa mayamang ambag ng kuwentong bayan sa panitik at haraya ng kalinangang pambansa.

Ginagalugad ng akda ni Chuckberry J. Pascual na tinawag niyang "***Ang Pagsasalin sa Ilustrado: Isang Awtokritisismo***," ang usapin ng paglikha ng diwa ng bayan habang tumutulay sa masalimuot na usapin ng kaibahan ng kaligiran, karanasang lokal at pagpapahalaga na nakapaloob sa magkakaibang wika. Binibigyang-pansin ni Pascual ang sipat-kulturang taglay ng wika sa pagsasanobela ni Miguel Syjuco ng nobelang *Ilustrado*, na naisulat sa Ingles at naisalin na sa ibang wikang banyaga at siya niyang hinarap sa pagsasalin sa Filipino. Sa paglalahad ng kaniyang karanasan sa pagsasalin, tinukoy ni Pascual ang iba't ibang suson ng pakikipaggitgitan sa paglikha ng kahulugan, tanda at sagisag habang tumatawid sa katiyakang pangkultura ng isang wikang ginagamit sa pagsasalin ng isang akdang pampanitikan.

Ang artikulo ni Ronel O. Laranjo, ***Ang Klaster o Kambal-Katinig sa Wikang Filipino: Kasaysayan, Estruktura ng Silabol at mga Prinsipyo***, ay nagtatangkang magbigay ng mas bago, malalim, at malawak na pag-analisa sa kambal-katinig at ang papel nito

sa ponolohiyang Filipino. Kasama ring pinag-aralan ang epekto nito sa mga pantig o silabol at ang kombinasyon sa pagbuo ng kambal-katinig gamit ang ponolohiyang heneratibo. Nagtatapos ang artikulo sa paglalahad ng mga natuklasang prinsipyo sa pagbuo ng mga kambal-katinig. Ang pag-aaral ay isang pagkilala sa kaangkupan ng estruktural na perspektiba sa paghimay ng porma ng wika upang matukoy ang mga operasyon sa likod ng pagbuo ng klaster. Isa itong karagdagang pagpapayaman sa kaligirang pangkasaysayan ng mga pag-aaral ng klaster at isang pagtatangka sa lubusang pag-unawa sa pormal at estruktural na aspekto ng wikang Filipino.

Sa artikulo ni Maria Santos-Bulaong, ***Analisis sa Paggamit ng Wika sa Pagbabalita sa Telebisyon: Tungo sa Pagbuo ng Tuntuning Pangwika sa Filipino***, binigyang pansin ang paggamit ng wikang Filipino sa masmidya gamit ang Teoryang Error Analysis at ginawang lunsaran ang mga pagkakamali sa pagbuo ng mga tuntuning panggramatika. Interesante ang pag-aaral dahil sa tuon nito sa wika ng pagbabalitang pantelebisyon sa prime time, isang midyum na laganap at nakakaabot sa maraming Filipino. Ang pagbabalita sa telebisyon ay isa sa mga bumubuo ng linguistic environment ng ordinaryong mamamayan, at isa rin ito sa hindi direktang nakakaimpluwensiya sa mga pamantayang pangwika. Dahil sa impluwensyang ito, mainam na suriin at pag-aralan ang mga nakalap na anomalya sa wika. Nag-iimbita ito ng repleksiyon tungo sa mas masinsing paggamit ng wika at nanghihikayat ng pag-aaral ng register ng wika ng pagbabalita upang makatulong sa estandardisasyon ng wikang Filipino sa masmidya. Sa isang banda, ang artikulong ito ay nanghihimok din ng iba pang perspektiba upang mapag-aralan kung ang mga kakaibang paggamit ng porma ng wika ay maituturing na pagkakamali o inobasyon.

Sa artikulong, ***Paghubog, Paglubog, Pakikibaka: Ang Praktikum ng Programa ng Araling Pangkaunlaran (Development Studies Program) ng Unibersidad ng Pilipinas - Manila***, ipinapakita ni Reginald S. Vallejos ang pagbuo at ebolusyon ng Programa ng Araling Pangkaunlaran. Sa paglipas ng panahon, naging sentro ng interes at pag-usisa ang Programa ng Araling Pangkaunlaran ng Unibersidad ng Pilipinas - Manila dahil sa komponent nitong pakikipamuhay ng mga mag-aaral sa kung ituring ng iba ay mga "radikal" na grupo sa kanayunan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nailahad ang malalim at teoretikal na batayan ng programa at naipakilala ito sa konteksto ng pagbuo o pagdisenyo ng mga programang pang-edukasyon. Patunay rin ang artikulo sa kaangkupan ng paggamit ng wikang Filipino sa ganitong uri ng pananaliksik at disiplina. Maituturing itong bagong paksa at makabuluhang ambag na paksa sa *Daluyan*, at isang imbitasyon din sa patuloy na pananaliksik sa larang ng pagbuo at pag-aaral ng mga programang katulad nito. Hangad ang patuloy pang paglulunsad ng mga katulad na pag-aaral tungkol sa mga programang pangkaunlaran.

Narito ang mga artikulong inaasahang aabot sa pinakamalawak na mga mambabasa, guro, mag-aaral at mananaliksik sa loob at labas ng pamantasan. Tulad ng dati, ang paglalathala ng mga bagong pag-aaral at pananaliksik na nakabatay sa mga konseptong Filipino at gumagamit ng wikang Filipino'y dagdag sa mayamang balon ng kaalamang higit na nagpapatanyag ng ating husay at dangal bilang lahi at bansa.